

Sinu-sino ang mga Maliliit na Mangingisda?

- Tuwiran o hindi tuwirang nakikibahagi sa paghuli, pag-culture or pagproseso ng mga fishery o yamang-tubig
- Nangingisda gamit ang mga kagamitang hindi nangangailangan ng bangka o mga bangka na hindi lalagpas sa tatlong tonelada sa mga municipal waters at mga baybayin
- Mga manggagawa sa komersyal na pangangisda at pagsasakang pangtubig
- Nagbebenta at nagpoproseso ng mga isda at produkto mula sa dagat o dalampasigan
- Mga subsistence producers tulad ng mga tagakuha ng shell at mga gumagawa ng produktong mula sa bakawan at mga kaugnay na tagagawa

Sinu-sino ang mga Maliliit na Magsasaka at Mangingisda na Itinuturing na Nasa Laylayan ng Komunidad?

Mga magsasaka at mangingisda na ang kita ay mababa sa poverty threshold batay sa pamantayan ng Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhayan at Pagpapaunlad (NEDA).

Mga Katangian ng Programa

- Survival Assistance na nagkakahalagang P5,000 para sa emergency at kagyat na mga pangangailangan. Recovery Assistance na hindi hihigit sa P20,000 para sa pagbabagong-tatag na mga gawain nang walang babayaranang interes.
- Nakatuon sa mga lugar na isinailalim sa State of Calamity at may malaking pinsala sa agrikultura dahil sa natural na kalamidad ayon sa DA o sa lokal na pamahalaan.

Mga Katangian ng Programa

- Maaaring umutang ang mga maliliit na magsasaka at mangingisda na nasalanta ng kalamidad (maliban sa mga tumatanggap ng 4Ps).
- Nakikipagtulungan sa samahan ng mga magsasaka at mangingisda at kooperatiba bilang lending conduit.
- Isang taon na moratorium sa pagbabayad ng utang para sa mga may kasalukuyang utang sa ibang programa ng ACPC.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag kay/sa:

Adelina A. Losa

Chief, Agribusiness and Marketing Assistance
Division and Regional Agri-Credit Desk Officer
(RACDO)

📍 Department of Agriculture
Regional Field Office No. 5

Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur 4418

☎ (054)-4772122

✉ Email: amad.bicol@gmail.com

📍 Regional Agriculture and Fisheries Information
Section (RAFIS)

Department of Agriculture Region 5

Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur

☎ (054) 477-5113

🌐 Website: <http://bicol.da.gov.ph>

📘 Facebook: Agriculture Bicol

Hango sa ginawang brochure ng Agricultural
Credit Policy Council

📍 28/F One San Miguel Avenue Building,
One San Miguel Avenue, Ortigas Center,
Pasig City, 1605 Philippines

☎ (02) 634-3320/(02) 634-3321/(02) 634-3326

🌐 www.acpc.gov.ph

✉ info@acpc.gov.ph

📘 facebook.com/agricreditpolicycouncil



SURVIVAL AND RECOVERY ASSISTANCE PROGRAM (SURE)



Ang **Survival and Recovery (SURE)** ay isang mabilis na tugon at suporta pagkatapos ng sakuna para sa mga maliliit na magsasaka at mangingisda at kanilang pamilya na nasalanta ng kalamidad.

Ang SURE Assistance Program ay ipinapatupad ng Agricultural Credit Policy Council (ACPC), katuwang na ahensya ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Mga Layunin ng Programa

1. Suportahan ang adhikain ng pamahalaan na tulungan ang mga pamilyang magsasaka sa mga lugar na sinalanta ng kalamidad upang mabawi ang kanilang kapasidad na kumita.
2. Magbigay ng kagyat na kaluwagan sa mga maliliit na magsasaka at mangingisda sa pamamagitan ng pautang at emergency assistance package.

Layunin ng Pautang

Magbigay ng emergency loan and recovery or rehabilitation loan assistance sa mga maliliit na magsasaka at mangingisda na sinalanta ng kalamidad.

Karapat-Dapat na Makautang

Maaaring makautang ang mga maliliit na magsasaka at mangingisda na ang kabuhayan ay sinalanta ng kalamidad. Sakop ng SURE Assistance Program ang mga lugar na isinailalim sa state of calamity ng mga kinauukulang lokal na pamahalaan (LGUs) na napatunayan ng Kagawaran ng Pagsasaka o ng lokal na opisina ng Pambansang Tanggapan para sa Pagtugon ng Sakuna (NDRMMC) na may malaking pinsala sa agrikultura dulot ng natural na kalamidad.



Karapat-dapat na Makautang

Maaaring makautang ang mga maliliit na magsasaka at mangingisda na ang kabuhayan ay sinalanta ng kalamidad. Sakop ng SURE Assistance Program ang mga lugar na isinailalim sa state of calamity ng mga kinauukulang lokal na pamahalaan (LGUs) na napatunayan ng Kagawaran ng Pagsasaka o ng lokal na opisina ng Pambansang Tanggapan para sa Pagtugon ng Sakuna (NDRMMC) na may malaking pinsala sa agrikultura dulot ng natural na kalamidad.

Mga Uri ng Tulong

Survival Assistance

Ang Emergency Loan Assistance ay nag-aalok ng pautang sa halagang P5,000 para sa emergency at kagyat na pangangailangan ng mga maliliit na magsasaka at mangingisda na nasalanta ng kalamidad.

Recovery Assistance

Ang Recovery Loan Assistance ay nag-aalok ng 0% interes at ng pautang na nagkakahalagang hindi-hihigit sa P20,000 upang mabayaran ang kanilang mga kinakailangan at makapagsimulang-muli sa pagsasaka, pangingsda at iba pang gawaing pangkabuhayan ang mga nasalantang maliliit na magsasaka at mangingisda.

Moratorium on Payment of Outstanding Loan

Ang mga maliliit na magsasaka at mangingisda na may binabayaran pang utang sa mga lending conduits sa anumang DA/ACPC credit and financing programs ay maaaring makinabang sa moratorium sa loob ng isang taon upang makabayad sa kasalukuyan nilang utang. Ang halagang dapat bayaran sa panahon ng moratorium ay idadagdag sa pagtatapos ng utang.

Sinu-sino ang mga Maliliit na Magsasaka?

- Nagmamamay-ari o nagbabayad ng amortization sa hindi hihigit sa tatlong ektarya na lupa; mga nangungupahan o manggagawa sa sakanan.
- Nag-aalaga ng mga hayop na hindi hihigit sa:
 - 20 matandang hayop at mga hayop na bagong-panganak
 - 40 bata pang hayop
 - 10 matandang hayop at 22 bata pang hayop
- Nag-aalaga ng mga manok at hayop na hindi lalapas sa:
 - 500 layer o 1,000 broiler
 - 100 layer at 100 broiler, kung kumbinasyon
 - 100 pato